Seattle Office of Labor Standards

# Ordinansa sa Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan, SMC 14.16

## Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan at COVID-19 -- Mga Madalas Itanong at Mga Sagot

Maaaring makatulong ang mga employer at empleyado na panatilihing ligtas at malusog ang kanilang komunidad sa pamamagitan ng pagtiyak na ginagamit ng mga empleyado ang kanilang Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan (PSST)! Nagbibigay ang dokumentong ito ng mga sagot sa mga tanong na maaaring mayroon ka tungkol sa batas sa Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan ng Seattle. Mangyaring bisitahin ang website ng Tanggapan sa Mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards) para sa mas detalyadong impormasyon.

Ang Ordinansa sa Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan ay (Paid Sick and Safe Time Ordinance):

- Pumoprotekta sa pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagtitiyak na maaaring manatili sa tahanan ang mga empleyado at mga bata kapag sila ay may sakit, nang malayo sa mga katrabaho, paaralan, at mga kostumer.
- Lumilikha ng mga mas produktibong lugar ng trabaho sa pamamagitan ng pagpigil sa paglaganap ng sakit.
- Gumagawa ng seguridad sa ekonomiya dahil kayang pangalagaan ng mga empleyado ang kanilang kalusugan nang hindi nababawasan ang kanilang sahod.

---

### Ano ang bayad na oras para sa sakit at kaligtasan (PSST)?

Ang bayad na oras para sa sakit at kaligtasan ay oras na binabayaran ng employer, na magagamit ng mga empleyado para:

- Pangalagaan ang kanilang sarili o miyembro ng pamilya dahil sa sakit, pinsala, o kondisyong pangkalusugan
- Pumunta sa doktor para makakuha ng medikal at pang-iwas na pangangalaga
- Sa oras na sinara ng pampublikong opisyal ang kanilang pinagtatrabahuhan para sa mga dahilang pangkalusugan
- Sa oras na sinara ng pampublikong opisyal ang paaralan o lugar ng pangangalaga ng kanilang anak para sa mga dahilang pangkalusugan

### Sinong mga empleyado ang nakakatanggap ng PSST?

Sa Seattle, inaataasan ng batas ang mga employer na magbigay ng bayad na oras para sa sakit at kaligtasan sa lahat ng empleyado. Kabilang dito ang mga full-time, part-time, temporary (pansamantala), exempt, at hindi exempt na empleyado.

### Gaano karaming PSST ang natatanggap ng mga empleyado?

Naiipon ang Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan sa paglipas ng panahon. Ang dami nito ay batay sa kung gaano karaming oras nagtatrabaho ang isang empleyado at sa laki ng negosyo ng kanilang employer. Para sa mga detalye, bisitahin ang website ng Tanggapan sa Mga Pamantayan sa Paggawa.

### Gaano karaming PSST ang maaaring gamitin ng mga empleyado sa isang pagkakataon?

Maaaring gamitin ng isang empleyado ang anuman at lahat ng mga oras na naipon niya at nang paunti-unti, na maaaring kasingliit ng pinakakaunting dami ng oras na ginagamit ng employer upang bilangin ang oras ng trabaho (ngunit hindi lumalampas sa isang oras).

### Paano malalaman ng mga empleyado ang dami ng kanilang natitirang PSST?

Dapat ibahagi ng mga employer ang impormasyong ito sa bawat pagkakataong nagbabayad sila ng sahod. Nilalagay ng karamihan sa mga employer ang impormasyong ito sa mga paystub o sa mga online na sistema ng impormasyon para sa payroll.

### Maaari bang gamitin ng empleyado ang PSST kapag ang kaniyang lugar ng trabaho, paaralan ng anak, o lugar kung saan inaalagaan ang kaniyang anak ay sinara ng isang pampublikong opisyal dahil sa isang posibleng alalahanin sa kalusugan tulad ng COVID-19?

Oo. At, maaari ding payagan ng employer ang isang empleyado na gamitin ang naipon na PSST kapag sinara ang lugar ng trabaho ng empleyado, paaralan ng kaniyang anak, o lugar kung saan inaalagaan ang kaniyang anak, ngunit wala pang utos ng isang pampublikong opisyal. Halimbawa, kapag sinara ng punong-guro ng isang pribadong paaralan (na hindi isang

Ang impormasyong binibigay sa dokumentong ito ay hindi dapat ituring bilang legal na abiso at hindi ito dapat gamiting pamalit sa mga batas at regulasyon.

pampublikong opisyal) ang paaralan ng anak ng empleyado, maaaring payagan ng employer, ayon sa kanyang pagpapasya, ang empleyado na gamitin ang naipong PSST.

**Sino ang mga tinatawag na pampublikong opisyal?**
Ang pampublikong opisyal ay empleyado ng pamahalaan na binigyan ng awtoridad na magsara ng lugar ng negosyo o paaralan. Maaaring kabilang ang mga lokal, pang-estado, o pederal na awtoridad at mga opisyal sa pampublikong kalusugan (hal., Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County (Seattle - King County Public Health), ang Sentro sa Pagkontrol ng Sakit (Center for Disease Control), o ang Departamento ng Kalusugan ng Estado (State Department of Health)) o ang superintendent o punong-guro ng isang pampublikong paaralan.

**Maaari bang humingi ang mga employer ng mga detalye ukol sa dahilan kung bakit hinihiling ng empleyado na gamitin ang PSST?**
Hindi. Hindi kinakailangang ibahagi ng mga empleyado ang dahilan kung bakit nila ginagamit ang PSST. Maaaring humiling ang mga employer ng dokumentasyon upang mapatunayan ang dahilan ng pagliban pagkatapos ng higit sa tatlong magkakasunod na araw na ginamit ang PSST.

**Maaari bang iutos sa isang empleyado na gamitin ang PSST?**
Hindi. Hindi maaaring iutos ng mga employer sa mga empleyado na gamitin ang PSST para sa isang pagliban na saklaw ng ordinansa.

**Maaari bang iutos ng employer sa empleyado na umuwi kapag may sakit siya?**
Hindi pinipigilan ng batas sa PSST ang isang employer mula sa pagpapauwi ng empleyado dahil sa sakit. Maaaring tukuyin ng ibang mga batas ng estado at lokal na batas kung legal o kinakailangan bang pauwiin ang isang tao. Bilang halimbawa, inaatas ng mga regulasyon ng Departamento ng Kalusugan (Department of Health) na dapat pauwiin ng employer ang isang empleyado sa serbisyo sa pagkain kapag mayroon siyang mga sintomas tulad ng pagsusuka o nangangating lalalamunan na may kasamang lagnat. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Administratibong Kodigo ng Washington 246-215 o makipag-ugnayan sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County.

**Maaari bang pigilan ng employer ang isang empleyado mula sa pagtatrabaho dahil bumiyahe siya sa isang bansang mayroong biglaang paglaganap ng sakit?**
Ang pagbiyahe sa isang partikular na bansa o rehiyon ay hindi isang mapagkakatiwalaang pantukoy kung nalantad ba ang isang tao sa COVID-19. Walang iisang grupo ang responsable para sa o dapat ituro bilang dahilan ng paglaganap ng COVID-19. Mahahanap ang impormasyon sa kung paano mapipigilan at tutugon sa mga pagpapahiya at pagpapalaganap ng maling impormasyon sa pamamagitan ng pag-click dito. Ang kilos na malubhang nakakaapekto sa pagtatrabaho na binatay sa etnisidad o pinagmulang bansa ng empleyado ay maaaring magdulot ng isang kaso dahil sa diskriminasyon. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights) sa 206-684-4500.

**Paano kung nagamit na ng empleyado ang lahat ng kaniyang naipon na PSST o isa siyang bagong empleyado na wala pang naipong bayad na pagliban?**
Ang employer ay inaatasan lamang na payagan ang empleyado na gamitin ang kanyang mga naipong oras ng PSST. Ayon sa kanilang pagpapasya, maaaring magbigay ang mga employer ng mas maraming bayad na pagliban o payagan ang paggamit ng pagliban para sa bakasyon o iba pang naipong pagliban. Maaaring nag-aatas ang ibang mga batas sa employer na magbigay sa mga empleyado ng bayad na pagliban, kasama ang: Batas sa Pagliban para sa Pamilya at Mga Medikal na Dahilan (Family and Medical Leave Act), Bayad na Pagliban para sa Pamilya at Medikal na Dahilan ng Estado ng Washington (Washington State Paid Family Medical Leave), at mga pederal, pang-estado, at lokal na batas sa kapansanan.

**Maaari bang ibigay ng empleyado ang kaniyang hindi nagamit na PSST sa isang plano sa pagbibigay ng bayad na pagliban upang matulungan ang mga katrabahong nangangailangan ng PSST?**

Ang impormasyong binibigay sa dokumentong ito ay hindi dapat ituring bilang legal na abiso at hindi ito dapat gamiting pamalit sa mga batas at regulasyon.

Oo, kung may programa ang employer para magawa ito. (Hindi ito inaatas ng batas.)

**Kailangan bang maghanap ng empleyado ng taong papalit sa kanya sa oras na gagamitin niya ang kanyang PSST?**
Hindi. Hindi maaaring iutos ng employer sa empleyado na maghanap ng kanyang kapalit para sa oras ng PSST.

**Maaari bang makipagpalit ng oras ng trabaho ang isang empleyado sa halip na gamitin ang bayad na oras para sa sakit at kaligtasan?**
Oo. Kung sumang-ayon ang parehong employer at empleyado, maaaring makipagpalit ng oras ng trabaho ang empleyado sa halip na gamitin ang PSST.

**Sakop ba ang mga empleyado ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle (SPS, Seattle Public Schools) ng batas sa Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan ng Seattle?**
Hindi. Ngunit may ilang empleyado ng SPS na maaaring sakop ng Batas sa Bayad na Pagliban para sa Sakit ng Estado ng Washington (Washington State Paid Sick Leave Law) Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga proteksiyon ng Estado, bisitahin ang: https://lni.wa.gov/workers-rights/leave/paid-sick-leave/.

**Maaari bang gamitin ng empleyado ang PSST para sa ibang dahilang hindi pinoprotektahan ng batas?**
Oo. Maaaring pahintulutan ng employer ang paggamit ng PSST para sa mga dahilang hindi sakop ng batas.

**Sino ang maaari kong tawagan kung mayroon akong karagdagang tanong tungkol sa aking mga karapatan o responsibilidad sa ilalim ng batas na ito?**
Mangyaring tawagan ang Tanggapan sa Mga Pamantayan sa Paggawa ng Seattle sa 206-256-5297 o bisitahin ang aming website sa **http://www.seattle.gov/laborstandards.** Makakasagot kami ng mga tanong at makakapagbigay kami ng mga sanggunian!

**Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 (na dating tinatawag na novel coronavirus) at mga hakbang na maaari kong gawin para maghanda?**
Bisitahin ang website ng Pampublikong Kalusugan ng Seattle at King County at ang kanilang sheet ng impormasyon tungkol sa COVID-19 para sa karagdagang impormasyon, na may kasamang mahabang listahan ng mga madalas itanong, pati mga rekomendasyon para sa paghahanda ng pangkalahatang publiko, mga paaralan, mga lugar ng trabaho, at mga nagtatrabaho sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang impormasyong binibigay sa dokumentong ito ay hindi dapat ituring bilang legal na abiso at hindi ito dapat gamiting pamalit sa mga batas at regulasyon.